DepEd Advisory No. 46, s. 2015
February 11, 2015
In compliance with DepEd Order No. 8, s. 2013
this Advisory is issued for the information of DepEd officials,
personnel/staff, as well as the concerned public.
(Visit *www.deped.gov.ph*.)

FILIPINO BILANG DISIPLINA: PAMBANSANG SEMINAR TUNGKOL SA SAKOP, LAWAK AT POTENSYA NG PAGTUTURO NG FILIPINO SA BUNGAD NG MGA PAGBABAGONG HATID NG K TO 12

Ang Kagawaran ng Filipino ng Pamantasang Ateneo de Manila ay magdaraos ng pambansang seminar na pinamagatang *Filipino Bilang Disiplina: Pambansang Seminar Tungkol sa Sakop, Lawak at Potensya ng Pagtuturo ng Filipino sa Bungad ng mga Pagbabagong Hatid ng K to 12* mula ika-21 hanggang ika-23 ng Mayo 2015 sa Escaller Hall, Pamantasan ng Ateneo de Manila, Loyola Heights, Quezon City.

Ang mga layunin ng Seminar ay:

1. pagyamanin ang kakayahan ng mga guro tungkol sa iba't ibang larangan at kasanayang magpapakita kung paano maaaring palaguin ang Filipino sa labas ng kumbensyunal na pagtuturo na may tuon sa komunikasyon at balarila;
2. maglatag ng mga bagong kaisipan at materyales sa pagtuturo upang lalong mapagbuti at gawing higit na moderno ang kakayahan ng mga guro; at
3. mapagtuunan ng pansin ang mga larangang iniangkop at maaaring angkupin ng Filipino upang mapagyaman ito bilang sariling disiplina na mayroong matatag na lugar sa edukasyong pambansa.

Kabilang sa mga larangang ito ang mga sumusunod:

1. Wika, Komunikasyon at Kultura;
2. Panitikan;
3. Malikhaing Pagsulat;
4. Pananaliksik;
5. Pagsasalin;
6. Kulturang Popular; at
7. Literasing Pangmedia.

Inaanyayahang dumalo ang lahat ng gurong nagtuturo ng Filipino sa lahat ng antas.

Para sa karagdagang kaalaman, maaaring tumawag kay:

Edgar C. Samar, Ph.D.
Direktor ng Seminar, Kagawaran ng Filipino
Ateneo de Manila University (AdMU)
3rd Floor, Dela Costa Bldg., Ateneo de Manila University
Loyola Heights, Quezon City
Telepono Blg.: (02) 426-6001 lokal 5320, 5321
Email Address: esamar@ateneo.edu

Alma/DA Ang Filipino Bilang Disiplina
0087-February 6, 2015